Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong ligal na ibinahagi ng HUD. Inilaan ng HUD ang pagsasaling ito bilang lamang mapadaling gumabay sa iyong pag-uunawa ng iyong mga karapatan at obligasyon. Ang bersyong Ingles ng dokumentong ito ang opisyal, ligal, at masusunod na dokumento. Ang isinaling dokumentong ito ay hindi isang opisyal na dokumento.

# SERTIPIKASYON NG KARAHASANG PANTAHANAN, KARAHASANG PAKIKIPAGTIPANAN O LIHIM NA PAGSUBAYBAY

**Kagawaran ng U. S. sa Pabahay at Pagpapaunlad sa Lungsod**
Tanggapan ng Pabahay

Blg. sa Pagsangayon ng OMB 2502-0204
Exp. 05/31/2011

**Pasanin ng pampublikong pag-uulat** para sa koleksyon ng impormasyong ito ay tinatayang humigit-kumulang sa 1 oras kada tugon. Kabilang nito ang oras sa pagkolekta, pagrepaso, at pag-ulat ng datos. Ang impormasyong ibinigay ay gagamitin ng mga may-ari at mga ahente ng pamunuang nagpapatupad ng Seksyon 8 na tulong na nakabase sa proyekto sa ilalim ng United States Housing Act ng 1937 (42 U.S.C. 1437) na hingiin sa umuupa na patunayan na ang indibidwal ay isang biktima ng karahasang pantahanan, karahasan sa pakikipagtipanan, o lihim na pagsubaybay. Ang impormasyon ay sumasailalim sa mga pangangailangang kompidensiyal ng HUD Reform Legislation. Maaaring hindi kunin ng ahensyang ito ang impormasyong ito, at hindi ninyo kinakailangang kumpletuhin ang pormularyong ito maliban kung ipinapakita nito ang isang kasalukuyang may-bisa na kontrol na numero ng OMB.

**Layunin ng Pormularyo:** Nagbibigay ng proteksyon ang Violence Against Women and Justice Department Reauthorization Act ng 2005 sa mga kwalipikadong umuupa at mga miyembro ng pamilya ng umuupa na mga biktima ng karahasang pantahanan, karahasang pakikikapagtipanan, o lihim na pagsubaybay (kabuuang "karahasang pantahanan") mula sa pagpapalayas o pagtigil ng tulong sa pabahay ayon sa mga kilos ng nasabing karahasan laban sa kanila.

**Gamit ng Pormularyo:** Kung ikaw ay naging isang biktima ng karahasang pantahanan, ikaw o isang miyembro ng pamilya na kumakatawan sa iyo ay dapat kumumpleto at magsumite nitong pormularyong sertipikasyon, o magsumite ng impormasyong inilarawan sa ibaba sa ilalim ng "Alternate Documentation," ("Kapalit na Dokumentasyon,") na maaaring mailaan kapalit ng pormularyong sertipikasyon, sa loob ng 14 na araw ng pagnenegosyo sa pagkatanggap ng nakasulat na hiling para sa pormularyong sertipikasyon ng may-ari o ahente ng pamunuan. Ang pormularyong sertipikasyon o kapalit na dokumentasyon (alternate documentation) ay dapat maibalik sa tao at tirahang nabanggit sa nakasulat na hiling para sa pormularyong sertipikasyon. Kung ang hiniling na pormularyong pagsesertipika o ang impormasyong maaaaring ilaan kapalit ng pormularyong pagsesertipika ay hindi natanggap sa ika-14 na araw ng pagnenegosyo o anumang karagdagang palugit ng petsa na ibinigay ng may-ari o ahente ng pamunuan, wala sa mga proteksyong ibinibigay sa mga biktima ng karahasang pantahanan sa ilalim ng Seksyon 8 ng programang tulong na nakabase sa proyekto ang gagamitin. Ang pagbabahagi o pagbigay ng pormularyong ito ay hindi nagsisilbing hiling na nakasulat para sa sertipikasyon.

**Kapalit na Dokumentasyon:** Kapalit ng pormularyong pagsesertipika na ito (o bilang karagdagan nito), ang mga sumusunod na dokumentasyon ay maaaring ibigay:

(1) Isang pederal, estado, makatribo, teritoryal, o lokal na pulis o ulat sa korte; o

(2) Dokumentasyong pinirmahan ng isang nagtatrabaho, ahente o boluntaryo ng isang tagapag-bigay ng serbisyo para sa biktima, isang abogado o propesyonal na may kaugnayan sa medisina, kung saan kumuha ng tulong ang biktima sa pagtugon sa karahasang pantahanan, karahasang pakikipagtipanan o lihim na pagsubaybay, o mga bunga ng pang-aabuso, kung saan ang propesyonal ay nagpapatunay sa ilalim ng parusa ng panunumpa nang walang katotohanan (28 U.S.C. 1746) sa paniniwala ng propesyonal na ang (mga) insidenteng naitanong ay tunay na mga insidente ng pang-aabuso, at ang biktima ay lumagda o nagpatotoo sa dokumentasyon.

## KUKUMPLETUHIN NG O SA NGALAN NG BIKTIMA NG KARAHASANG PANTAHANAN:

**1. Petsa kung kailan natanggap ang nakasulat na hiling mula sa may-ari o ahente ng pamunuan:**
________________________________________

**2. Pangalan ng biktima:** ______________________________

**3. Iyong pangalan (kung naiiba):** ______________________________

**4. (Mga) Pangalan ng iba pang miyembro ng pamilya na nakalista sa paupahan:** ____________________
________________________________________

**5. Pangalan ng nang-abuso:** ______________________________

**6. Kaugnayan ng nang-abuso sa biktima:** ______________________________

**7. Petsa ng insidente:** ______________________________

**8. Oras ng insidente:** ______________________________

**9. Lokasyon ng insidente:** ______________________________

**{Ikalawang pahina ay dapat makumpleto at mailakip sa pormularyong ito.}**

Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong ligal na ibinahagi ng HUD. Inilaan ng HUD ang pagsasaling ito bilang lamang mapadaling gumabay sa iyong pag-uunawa ng iyong mga karapatan at obligasyon. Ang bersyong Ingles ng dokumentong ito ang opisyal, ligal, at masusunod na dokumento. Ang isinaling dokumentong ito ay hindi isang opisyal na dokumento.

**Paglalarawan ng Insidente:**

Sa iyong sariling mga salita, ilarawan ang insidente (Maglakip ng mga karagdagang pahina kung kinakailangan. Inisyalan at lagyan ng numero ang bawat kalakip.):

Ito ay nagpapatunay na ang impormasyong ibinigay ay totoo at tama, at ang indibidwal na pinangalanan sa itaas sa Aytem 2 ay isang biktima ng karahasang pantahanan, karahasang pakikipagtipanan, o lihim na pagsubaybay. Ang (mga) insidenteng naitanong ay tunay na (mga) insidenteng naganap o pagtangkang pang-aabuso. Aking kinikilala na ang pagsumite ng maling impormasyon ay maaaring makasira sa pagiging marapat ng programa at maaaring maging basehan ng pagtigil ng Seksyon 8 na tulong na nakabase sa proyekto o pagpapalayas mula sa tinulungang ari-arian.

Tinanggal ang Bloke ng Lagda

Sangayon sa 42 U.S.C. 1437f(ee)(2)(A), lahat ng impormasyong ibinigay sa isang may-ari o ahente ng pamunuan na may kaugnayan sa (mga) insidente ng karahasang pantahanan, karahasang pakikipagtipanan o lihim na pagsubaybay, kabilang ang katotohanang ang isang indibidwal ay isang biktima ng karahasang pantahanan, karahasang pakikipagtipanan, o lihim na pagsubaybay, ay pananatiliing kompidensyal ng may-ari o ahente ng pamunuan at hindi ipapasok sa anumang ibinabahaging database o ilalaan sa anumang nauugnay na bagay, maliban sa hangganan na ang nasabing pagbubunyag ay:

(1) Hiniling o pinayagan ng biktima nang nakasulat;

(2) Kailangan para magamit sa proseso ng pagpapalayas o pagtigil ng tulong; o

(3) Dili kaya’y hinihingi ng akmang batas